PANTAO
The International Journal of the Humanities and Social Sciences
Volume 4, Issue 3
ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS

# Strategic intervention material: A guide for developing the Most Essential Learning Competencies in reading and analyzing various texts towards research

**Maria Kristel B. Barquilla**
Graduate School of Education University of Perpetual Help System – DALTA
Las Piñas City, Philippines
Email: mariakristel.briones@deped.gov.ph

ABSTRACT

This study covers the Most Essential Learning Competencies (MELCs) in the Filipino subject that teachers find most difficult to teach. Alongside this, the research also involves the development of a strategic intervention material that can aid in enhancing mastery of these core competencies. The study was conducted in the Third Congressional District of Batangas and involved Senior High School teachers during the school year 2024–2025. Findings revealed that the majority of the respondents were female, aged 21–30, holding the rank of Teacher II, and with more than seven years of teaching experience in Filipino. The most frequently used classroom interventions were lesson integration and the use of Higher Order Thinking Skills (HOTS) questions. Results further showed a significant difference in classroom interventions when grouped according to sex, but no significant differences were found in relation to other demographic variables. On the other hand, a significant relationship was identified between the level of classroom intervention and the extent of teaching competence, particularly in terms of skills, knowledge of MELCs, and professional attitude. The study recommends a more systematic development of classroom interventions and the creation of instructional materials that are tailored to the actual needs of teachers, in order to enhance their competence and effectively achieve the goals of teaching Filipino.

Keywords: research on problems in classroom intervention, MELCs, and teaching competence

Date Submitted: June 21, 2025
Date Accepted: July 26, 2025
Date Published: August 11, 2025

DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0403398

Recommended citation:
Barquilla, M. K. B. (2025). Strategic intervention material: A guide for developing the Most Essential Learning Competencies in reading and analyzing various texts towards research. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 4 (3), 4293-4258. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0403398

# Estratehikong kagamitang pang-interbensyon: Gabay sa paglinang sa mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik

**Maria Kristel B. Barquilla**
Graduate School of Education University of Perpetual Help System – DALTA
Las Piñas City, Philippines
Email: mariakristel.briones@deped.gov.ph

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa mga labis na kinahihirapang mahahalagang kasanayang pampagkatuto ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Kaakibat din ng pananaliksik na ito ang pagbuo ng estratehikong kagamitang pang-interbensyon na makatutulong sa pagpapaunlad ng masteri sa mga batayang kompitensi o Most Essential Learning Competencies (MELCs) Ang pag-aaral na ito ay isinagawa mula sa ikatlong Kongresyonal ng Distrito ng Batangas na kinapapalooban ng mga guro sa Senior High School para sa taong panuruan 2024-2025. Batay sa mga naging resulta ng pag-aaral, lumabas na karamihan sa mga respondente ay kababaihang may edad 21–30, may ranggong Teacher II, at may karanasang higit sa pitong taon sa pagtuturo ng Filipino. Pinakamadalas gamitin sa interbensyong pangklase ang pag-uugnay sa aralin at paggamit ng HOTS na mga katanungan. Natukoy rin na may makabuluhang pagkakaiba sa interbensyong pangklase batay sa kasarian, ngunit walang makabuluhang pagkakaiba kapag ibinatay sa ibang demograpikong salik. Sa kabilang banda, lumitaw rin ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng interbensyong pangklase at lawak ng kakayahan sa pagtuturo, partikular sa aspeto ng kasanayan, kabatiran sa MELCs, at wastong saloobin sa propesyon.Iminumungkahi ng pag-aaral ang mas sistematikong paglinang ng mga interbensyong pangklase at pagbuo ng mga kagamitang nakabatay sa aktwal na pangangailangan ng mga guro upang mapaunlad ang kanilang kakayahan at epektibong maisakatuparan ang layunin ng pagtuturo ng Filipino.

Susing salita: pananaliksik, suliranin, interbensyong pangklase, MELCS, kasayan sa pagtuturo

## PANIMULA

Sa patuloy na pagbabago ng mundo, nagbabago rin ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga tradisyonal na pamamaraan ay hindi na sapat para matugunan ang kanilang pangangailangan, at kahit pa may mga kasalukuyang kagamitang panturo, madalas ay hindi pa rin ito nakatutulong upang maabot ang layunin ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Dahil dito, nagiging mahalaga ang paglikha at paggamit ng makabagong estratehiya at kagamitan na nakabatay sa inobasyon at pagkamalikhain ng mga guro. Ang mga ito ay kinakailangang tugma sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon upang higit na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa, pagsusuri, at pananaliksik.

Isang pangunahing hamon sa pagtuturo ng nasabing asignatura ay ang pagpapataas ng antas ng mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELCs) na may malaking papel sa pagbuo at pagsusulat ng sistematikong pananaliksik. Nangangailangan ito ng mataas na antas ng kaalaman at karanasan mula sa guro upang maipaliwanag nang ganap ang mga konsepto. Gayunpaman, malaking bahagi rin ng hamon ang pagpapatupad ng kurikulum na naglalayong makapaghatid ng holistikong pagkatuto. Kaya't higit na nagiging mahalaga ang pagtukoy sa mga MELCs na pinakamahirap para sa mga mag-aaral upang makabuo ng angkop na estratehikong kagamitang pang-interbensyon na magsisilbing gabay sa kanilang pagkatuto.

Ayon sa DepEd (2020), ang MELCs ay mga kasanayang mahalaga upang makapagpatuloy ang mag-aaral sa mga susunod na marka at makamit ang isang matagumpay na buhay. Kung matutukoy ng guro ang mga MELCs na labis na pinahihirapan ang mga mag-aaral, mas madali silang makakalikha ng interbensyong angkop para sa pagpapalalim ng kanilang pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga kagamitang ito, magkakaroon ang mga guro ng karagdagang suporta sa pagtuturo, habang ang mga mag-aaral naman ay mas magkakaroon ng interes at kasanayang kailangan para sa pananaliksik at pagbasa. Ang mga interbensyon ay nakatuon hindi lamang sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat kundi pati na rin sa pagpapalawak ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa.

Mahalagang bahagi ng estratehikong kagamitang pang-interbensyon ang pagbibigay ng mas kawili-wiling pagkatuto para sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng ganitong mga pamamaraan, mas nagiging aktibo silang nakikilahok at nakikinig sa talakayan, kaya't nababawasan ang posibilidad ng pagkabagot at kawalan ng atensyon. Ang paggamit ng mga interbensyon ay nagiging mahalagang hakbang upang masiguro ang mas mataas na antas ng pagkatuto, lalo na sa mga asignaturang kadalasang nakikita bilang mahirap o nakababagot. Kaya't tungkulin ng mga guro na makabuo ng angkop na kagamitan at estratehiya na magsisilbing tugon sa mga suliranin sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri.

Gayunpaman, nananatiling isang malalim na hamon ang paglilinang ng MELCs sa nasabing asignatura at nangangailangan ito ng agarang solusyon. Bagama't maraming pananaliksik na ang nagbigay ng paliwanag at mungkahing solusyon, naiiba ang pag-aaral na ito sapagkat hindi lamang nito tinutugunan ang kakayahan sa pagsulat ng papel-pananaliksik kundi maging ang pagbasa at pag-unawa. Ang estratehikong kagamitang pang-interbensyon na inihahain ng mananaliksik ay nakatuon sa pagbibigay-gabay sa mga guro upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsusuri, at pananaliksik nang sabay-sabay.

Nakabatay ang pag-aaral na ito sa mga teoryang nagbibigay-diin sa proseso ng pagkatuto at pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral. Ang cognitive load theory ni Sweller ay nagpapaliwanag na mas mabilis natututo ang isang mag-aaral kung ang impormasyon ay hindi sobra at nakabatay sa dating kaalaman. Sa ganitong paraan, nagiging permanente at mas madaling maunawaan ang natutuhan. Ayon naman kay Piaget, ang intellectual development theory ay nagbibigay-diin sa aktibong papel ng mga mag-aaral sa pagtuklas ng karunungan sa pamamagitan ng sariling karanasan at pakikipag-ugnayan. Dagdag pa rito, binibigyang-halaga ng prinsipyong individualizing ni Forkelson ang paghahanda ng angkop na kagamitan para sa pansariling pagkatuto. Ang mga teoryang ito ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng estratehikong

kagamitang pang-interbensyon upang matugunan ang mga MELCs na higit na kinahihirapan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng angkop na estratehikong kagamitang pang-interbensyon na nakabatay sa mga teoryang pang-edukasyon at nakatuon sa pagpapalakas ng pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto. Sa pamamagitan nito, inaasahang higit na mapauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsusuri, at pananaliksik na maghahanda sa kanila hindi lamang para sa akademikong tagumpay kundi para rin sa mas malawak na hamon ng buhay.

## Paglalahad ng suliranin

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong mabatid ang mga nabuong katanungan na may kinalaman sa paglinang sa mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Narito ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang demograpikong kalagayan ng mga respondente batay sa edad, kasarian, posisyon, natapos na kurso, medyor, bilang ng taon ng pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga palihang sinalihan, at antas ng mga palihang sinalihan?
2. Ano ang antas ng interbensyong pangklase na ginagamit ng guro na may kinalaman sa mga bahagi ng aralin na panimula, pagpapaunlad, pakikipagpalihan, at aplikasyon?
3. Ano ang lawak ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ayon sa kasanayan sa pagtuturo, kabatiran sa pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto, at wastong saloobin at pananaw sa pagtuturo?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng interbensyong pangklase kapag pinagsama ayon sa demographic propayl?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik kapag pinagsama ayon sa demographic propayl?
6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng interbensyong pangklase at ng lawak ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik?
7. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, anong estratehikong kagamitang pang-interbensyon ang maimumungkahi ng mananaliksik?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng palarawang-kwantitatibong disenyo upang makalikom ng mahahalagang datos at impormasyon na kinakailangan sa paglalahad ng suliranin. Angkop ang disenyong ito dahil nagbibigay-daan ito sa sistematikong pagsusuri ng mga ugnayan at antas ng mga baryabol na may kaugnayan sa pagtuturo ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Sa kabuuan, animnapung guro mula sa mga pampublikong Senior High School sa Ikatlong Kongresyonal na Distrito ng Batangas ang nagsilbing kalahok ng pananaliksik. Pinili silang maging respondente dahil sila ang direktang nagtuturo ng asignaturang tinutukoy at nagtataglay ng kinakailangang karanasan at kaalaman

upang makapagbigay ng makabuluhang datos hinggil sa mga kasanayan, suliranin, at interbensyon sa pagtuturo. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga labis na kinahihirapang kasanayang pampagkatuto at makabuo ng estratehikong kagamitang pang-interbensyon na maaaring makatulong sa pagpapahusay ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Upang maisagawa ang pangangalap ng datos, ginamit ng mananaliksik ang talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ang nasabing talatanungan ay binuo batay sa mga suliraning inilatag ng pag-aaral at nakatuon sa pagtukoy ng demograpikong propayl ng mga guro, antas ng mga interbensyong pangklase na kanilang ginagamit, at lawak ng kanilang kakayahan sa pagtuturo ng asignatura. Sinuri rin sa pamamagitan nito ang mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto na labis na pinahihirapan ang mga mag-aaral, kasama ang mga resulta ng markahang pagsusulit. Upang masukat ang mga tugon, ginamit ang isang iskala ng interpretasyong berbal na may apat na antas: 4 (Palagi), 3 (Minsan), 2 (Madalang), at 1 (Hindi).

Bago ipamahagi ang talatanungan, ito ay ipinasuri at ipinabali-date sa guro-tagapayo at sa mga eksperto sa larangan upang matiyak ang pagiging akma at malinaw ng mga tanong. Batay sa kanilang mga mungkahi, ang instrumento ay muling nirebisa hanggang sa makabuo ng pinal na bersyon na ipinamahagi sa mga kalahok sa pamamagitan ng nakaprint na kopya at online na anyo. Ang pormal na pahintulot mula sa mga punong-guro ng mga paaralan ay isinagawa sa pamamagitan ng mga liham na pirmado ng tagapayo at dekano ng unibersidad upang maging gabay sa legalidad at etikalidad ng pananaliksik. Kasama sa liham ang paglalahad ng layunin ng pag-aaral at ang katiyakan na ang lahat ng impormasyon ay mananatiling kumpidensiyal.

Sa aktuwal na pangangalap ng datos, animnapung kopya ng talatanungan ang ipinamigay sa mga gurong kalahok, matapos ang pag-apruba ng mga punong-guro ng paaralan. Ang mga datos na nakalap ay muling sinuri at isinaayos upang maging batayan sa pagbabalangkas ng mga natuklasan sa Kabanata IV. Gumamit ang mananaliksik ng iba’t ibang estadistikang pamamaraan upang maisakatuparan ang pagsusuri. Ang frequency at percentage ay ginamit upang mailarawan ang demograpikong kalagayan ng mga respondente batay sa edad, kasarian, natapos na kurso, medyor, bilang ng taon sa pagtuturo, at bilang ng mga palihang sinalihan. Ang pangrarango ay ginamit upang matukoy ang mga pinakamahirap na kasanayang pampagkatuto, habang ang weighted mean at standard deviation ay inilapat upang masukat ang antas ng mga interbensyong pangklase at ang lawak ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng asignatura ayon sa kasanayan sa pagtuturo, kabatiran sa MELCs, at wastong saloobin at pananaw sa pagtuturo.

Isinaalang-alang din sa pag-aaral na ito ang mga etikal na konsiderasyon. Ang partisipasyon ng mga guro ay kusang-loob, at tiniyak na ang lahat ng personal at propesyonal na impormasyon ay mananatiling pribado at kumpidensiyal, alinsunod sa itinatadhana ng Data Privacy Act of 2012. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pananaliksik at binigyan sila ng pang-unawa hinggil sa posibilidad na may mga sensitibong bahagi ng paksa. Sa kabuuan, ang buong proseso ay isinagawa nang may paggalang at may pagsunod sa mga pamantayang etikal upang matiyak ang integridad ng pananaliksik at ang kredibilidad ng mga natuklasan.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga guro ay aktibong gumagamit ng iba’t ibang interbensyong pangklase upang higit na mapalawak ang pag-unawa at partisipasyon ng mga

mag-aaral. Sa bahagi ng pagpapaunlad, lumabas na ang pinakamataas na indikador ay ang paggamit ng mga larawan na kaugnay sa aralin na nakakuha ng mean na 3.87. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may mataas na antas ng paggamit ng biswal na materyales na hindi lamang nagpapadali sa pag-unawa ng abstraktong konsepto kundi nakapagpapasigla rin ng interes at imahinasyon ng mga mag-aaral. Sumunod naman ang paggamit ng mga makatotohanang sitwasyon o literal na bagay na may mean na 3.85 na nagpapakita ng kahalagahan ng kontekstuwalisadong pagtuturo kung saan iniuugnay ang konsepto sa mga karanasan at sitwasyong pamilyar sa mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga teknik o estratehiya tulad ng instructional material upang mahikayat ang aktibong pagpapahayag ng ideya, maitaguyod ang kaalaman batay sa karanasan, at mailapat ang kaalaman sa iba't ibang konteksto ay nakakuha ng mean na 3.82. Kasunod nito ang paggamit ng maiikling video na may mean na 3.80 na nagpapakita ng pagsasama ng teknolohiya bilang kasangkapan upang gawing mas makabago at kawili-wili ang talakayan. Samantala, pinakamababa sa lahat ang paggamit ng musika o kanta na may mean na 3.48 at nasa kategoryang minsan lamang ginagamit. Ipinapakita nito na bagamat hindi ito palaging naisasagawa, maaari pa rin itong magsilbing mabisang paraan sa ilang angkop na aralin upang mapaunlad ang damdamin, kritikal na pag-iisip, at malikhaing pagpapahayag. Sa kabuuan, ang composite mean na 3.76 ay nagpapakita na ang mga guro ay palaging gumagamit ng iba't ibang interbensyong pangklase sa pagpapaunlad ng aralin, bagay na nagpapatunay sa kanilang mataas na antas ng kamalayang pedagogikal. Ani Aspillaga (2021), ito ay nagsisilbing kit para sa sariling pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat nagtataglay ito ng mga gawaing pampagkatuto na dapat matugunan ng mga mag-aaral.

Sa bahagi naman ng pakikipagpalihan, lumabas na ang pinakamataas na mean na 3.85 ay ang paggamit ng mga maiikling pagsusulit. Ipinapakita nito na madalas gamitin ng mga guro ang formative assessment upang masukat ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at agarang makapagbigay ng feedback. Sumunod dito ang pagpapangkat ng klase na may mean na 3.78 na nagpapahiwatig ng kahalagahan ng kolaboratibong pagkatuto kung saan nahuhubog ang mas malalim na diskurso at interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral. Ang tradisyunal na tanong-sagot ay nakakuha ng mean na 3.77 na patunay na nananatiling mahalaga ang ganitong pamamaraan upang masukat ang kasalukuyang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ang pagbibigay ng iba't ibang gawain tulad ng student-led discussion ay nakakuha naman ng mean na 3.68 na bagamat mababa kumpara sa iba ay nagpapakita pa rin ng pagsisikap na bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na pamunuan ang talakayan. Pinakamababa ang paggamit ng mga chart o organizer na may mean na 3.52, na bagama't nasa kategoryang palagi ay mas madalang kaysa iba. Ang composite mean na 3.72 ay nagpapakita na palagiang ginagamit ng mga guro ang iba't ibang interbensyon sa pakikipagpalihan, na nagpapatunay na binibigyang-halaga nila ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makibahagi, makapagpahayag ng opinyon, at makipagtulungan sa kanilang mga kaklase. Alinsunod dito, pinatotohanan ni Aspillaga (2021) na ang Strategic Intervention Material ay nakatutulong sa guro upang maipahatid ang kaalaman at pagpapahalaga na nagdudulot ng higit na konkreto at dinamiko na pagkatuto sa panig ng mga mag-aaral.

Sa bahagi ng aplikasyon, makikita ang mataas na antas ng paggamit ng mga guro ng interbensyon sa kanilang klase. Pinakamataas dito ang paggamit ng HOTS o Higher Order Thinking Skills na mga katanungan na nakakuha ng mean na 3.90. Ipinapakita nito na binibigyang-diin ng mga guro ang pagpapalawak ng mas mataas na antas ng pagsusuri, pag-

uugnay, at pagbibigay-evaluasyon na lubhang mahalaga sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Ang paggawa ng proyekto o aktibidad at pagbibigay ng sulating papel ay kapwa nakakuha ng mean na 3.82 na nagpapahiwatig ng kahalagahan ng performance-based outputs sa pagsukat ng aplikasyon ng kaalaman. Ang mga pagsasanay na may kaugnayan sa reyalidad ng buhay ay nakakuha ng mean na 3.77 na nagpapakita ng pagpapahalaga ng mga guro sa contextualized learning. Pinakamababa ang paggamit ng one-minute paper na may mean na 3.53, ngunit nanatiling nasa kategoryang palagi, na nangangahulugan ng kahalagahan nito sa pagbabalik-tanaw sa talakayan at pagpapatibay ng kabuuang kaalaman. Ang composite mean na 3.77 ay nagpapakita ng palagiang paggamit ng mga guro ng interbensyong pang-aplikasyon, bagay na nagpapalalim sa kanilang pagtuturo at humuhubog sa kasanayan ng mga mag-aaral sa analisis, mapanuring pagbasa, at malikhaing pag-iisip. Ayon kay Aspillaga (2021), nakatutulong ito upang malinang ang tinatawag na 4Cs ng makabagong kurikulum: collaboration, communication, critical thinking, at creativity.

Dagdag pa rito, lumabas na mataas ang antas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng asignatura. Pinakamataas na mean na 3.97 ang nakuha ng kakayahang napaliliwanag at natatalakay nang lubos ang buong konsepto ng aralin, na nagpapakita ng kanilang kahusayan sa pagpapaliwanag at pagpapalalim ng nilalaman. Kasunod nito ang paggamit ng mga kagamitang panturo na may mean na 3.93 at ang kakayahang maipaliwanag nang malinaw ang mga aralin na may mean na 3.90. Ang paggamit ng iba't ibang teknik at estratehiya ay nakakuha ng mean na 3.87, samantalang pinakamababa ngunit nasa palagi pa rin ang kakayahang gawing buhay at masigla ang talakayan na may mean na 3.80. Ang composite mean na 3.89 ay nagpapatunay na palagiang ginagamit at pinaiiral ng mga guro ang kanilang kasanayan sa pagtuturo, na sinusuportahan nina Sullera et al. (2020) na nagsasaad na ang kakayahan at malawak na kaalaman ng guro ay mahalagang instrumento sa pagpapatibay ng kumpiyansa ng mga estudyante.

Sa aspeto ng kabatiran, pinakamataas na mean na 3.92 ang kakayahang nababatid ng guro ang mga nilalaman ng kursong itinuturo. Ang malinaw at tumpak na kasagutan sa mga tanong ng mag-aaral ay nakakuha ng mean na 3.90, samantalang ang kakayahang makapaglapat ng mga kaparaanan upang mapadali ang mahihirap na paksa at ang kakayahang maipatuturo ang mga kasanayang dapat matamo ay kapwa nakakuha ng mean na 3.88. Pinakamababa dito ang pagkakaroon ng bago at up-to-date na kabatiran na may mean na 3.82. Ang composite mean na 3.88 ay nagpapakita ng mataas na antas ng kaalaman ng mga guro, bagay na sinang-ayunan ni Daza (2021) na nagsabi na mas nagiging epektibo ang pagtuturo kung ang guro ay dalubhasa at may sapat na kaalaman sa asignatura.

Sa aspeto ng wastong saloobin at pananaw, pinakamataas ang pagpapahalaga sa propesyon na nakakuha ng mean na 3.93. Ang maingat na paghahanda ng aralin at ang pagkakaroon ng kasiyahan at dangal sa pagtuturo ay kapwa nakakuha ng mean na 3.92, samantalang ang pagkamalikhain at pagiging maparaan ay nakakuha ng mean na 3.87. Pinakamababa ang paglilingkod sa loob at labas ng paaralan na nakakuha ng mean na 3.80. Sa kabila nito, ang composite mean na 3.89 ay nagpapatunay na ang mga guro ay may mataas na propesyonalismo at positibong pananaw sa pagtuturo. Pinatotohanan ito nina De Guzman et al. (2021) na nagsabing ang mga matagumpay na guro ay yaong may positibong ugali, kahandaan, at may masayahin at malikhaing disposisyon.

Samantala, sa pagsusuri ng makabuluhang pagkakaiba batay sa demograpikong propayl ng mga guro, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa lahat ng aspeto batay sa edad, posisyon, pinakamataas na kurso, natapos na medyor, bilang ng taon ng pagtuturo, bilang ng sinalihang palihan, at antas ng sinalihang palihan, dahil lahat ng p-value ay mas mataas sa 0.05. Tanging ang kasarian lamang ang nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa bahagi ng pakikipagpalihan na may p-value na 0.038, na nangangahulugang may bahagyang pagkakaiba ang mga lalaki at babaeng guro sa pagpapatupad ng kolaboratibong gawain. Sa lahat ng iba pang aspeto tulad ng panimula, pagpapaunlad, at aplikasyon, walang makabuluhang pagkakaiba ang nakitaan.

Sa pagsusuri ng ugnayan, lumabas na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng interbensyong pangklase at ng lawak ng kakayahan ng mga guro. Ang panimula ($r = 0.529$, $p = 0.000$), pagpapaunlad ($r = 0.610$, $p = 0.000$), at aplikasyon ($r = 0.720$, $p = 0.000$) ay may malakas na ugnayan sa kasanayan sa pagtuturo, samantalang ang pakikipagpalihan ($r = 0.461$, $p = 0.000$) ay may katamtamang ugnayan. Sa aspeto ng kabatiran, lahat ng antas ng interbensyon ay may malakas na kaugnayan: panimula ($r = 0.518$), pagpapaunlad ($r = 0.596$), pakikipagpalihan ($r = 0.512$), at aplikasyon ($r = 0.719$), na pawang may p-value na 0.000. Gayundin, lumabas na may malakas na ugnayan sa wastong saloobin at pananaw, partikular sa aplikasyon na may pinakamataas na r-value na 0.697. Ipinapakita nito na ang mas aktibong pagpapatupad ng mga interbensyong pangklase ay tuwirang nakaugnay sa mas mataas na antas ng kakayahan, kabatiran, at positibong pananaw ng mga guro. Pinagtitibay ito ng mga pag-aaral nina Dragon (2023), McClymont (2019), at De Guzman et al. (2021) na nagpapakita ng kahalagahan ng patuloy na interbensyon, pagsasanay, at positibong disposisyon ng guro upang maging matagumpay ang pagtuturo at pagkatuto.

## KONGKLUSYON

Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga labis na kinahihirapang mahahalagang kasanayang pampagkatuto at makalikha ng estratehikong kagamitang pang-interbensyon na makatutulong sa pagpapaunlad ng masteri ng mga kompitensi. Isinagawa ang pananaliksik sa mga guro ng Senior High School mula sa mga pampublikong sekundaryang paaralan ng Ikatlong Kongresyonal na Distrito ng Batangas na nagtuturo ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Gumamit ng talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pagkalap ng datos at isinagawa ang pagsusuri gamit ang frequency at percentage, pagraranggo, weighted mean, at standard deviation.

Batay sa mga resulta, lumabas na karamihan sa mga guro ay nasa edad dalawampu't isa hanggang tatlumpu, at mas mataas ang bilang ng mga kababaihan kumpara sa kalalakihan. Nanguna sa posisyon ang Teacher II, samantalang ang karamihan sa mga guro ay may units sa Master of Arts in Education major in Filipino. Halos lahat ng respondente ay may medyor sa Filipino at malaking porsyento rin ang may pitong taon pataas na karanasan sa pagtuturo ng wika. Ipinakita rin ng datos na aktibo ang mga guro sa paglahok sa iba't ibang palihan mula lokal hanggang internasyonal na antas, na nagbibigay ng malawak na pagkakataon upang higit nilang mapaunlad ang kanilang kaalaman at kasanayan.

Sa usapin ng antas ng interbensyong pangklase, malinaw na palaging ginagamit ng mga guro ang mga estratehiya sa panimula tulad ng pag-uugnay ng panimulang gawain bilang balik-

aral o panibagong aralin, paggamit ng kolaboratibong gawain, mga larawang kaakit-akit, at teknolohiya. Gayundin, sa pagpapaunlad, madalas gamitin ang mga larawan, makatotohanang sitwasyon, iba't ibang teknik, at maiikling video, habang mas madalang ang paggamit ng musika. Sa pakikipagpalihan, lumabas na pinakapopular ang mga maikling pagsusulit, pagpapangkat ng klase, at tradisyunal na tanong-sagot, kasunod ang student-led discussion. Samantala, sa aplikasyon, nangingibabaw ang paggamit ng HOTS o Higher Order Thinking Skills na mga katanungan, paggawa ng proyekto, pagsusulat ng papel, at mga gawaing nakaugat sa reyalidad. Ipinapakita nito na ang mga guro ay nakatuon sa mga estratehiyang nagtataguyod ng analitikal at mapanuring kasanayan ng mga mag-aaral.

Natuklasan din na mataas ang lawak ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng asignatura. Sa aspeto ng kasanayan, lumabas ang malinaw at malalim na pagpapaliwanag ng konsepto bilang pinakamataas na kakayahan, kalakip ang epektibong paggamit ng mga kagamitang panturo at masiglang pagtalakay ng aralin. Sa aspeto ng kabatiran, napatunayan na ang mga guro ay may sapat na kaalaman sa nilalaman ng kurso, gumagamit ng mga angkop na pamamaraan, at nakapapanatili ng kaalaman na nakabatay sa mga pagbabago at pangangailangan ng larangan. Sa aspeto naman ng saloobin at pananaw, pinakamataas ang pagpapahalaga sa propesyon at ang kasiyahang kaakibat ng pagtuturo, na sinundan ng maingat na paghahanda at malikhaing pamamaraang ginagamit sa pagtuturo.

Samantala, lumabas sa pagsusuri na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng mga interbensyong pangklase batay sa edad, posisyon, kurso, medyor, bilang ng taon ng pagtuturo, at bilang at antas ng palihan na sinalihan. Tanging kasarian lamang ang nakitaan ng makabuluhang pagkakaiba, partikular sa bahagi ng pakikipagpalihan, na nagpapahiwatig na may bahagyang pagkakaiba sa estilo at pamamaraan ng mga guro depende sa kanilang kasarian. Gayundin, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng kakayahan ng mga guro batay sa kanilang demograpikong propayl.

Higit na mahalaga, lumitaw na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng interbensyong pangklase at sa lawak ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng asignatura. Sa lahat ng aspeto—panimula, pagpapaunlad, pakikipagpalihan, at aplikasyon—nagpakita ng malinaw na ugnayan sa kasanayan sa pagtuturo, kabatiran sa pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto, at wastong saloobin at pananaw ng mga guro. Ipinapakita nito na ang mas mataas na antas ng paggamit ng mga interbensyon ay may kaukulang epekto sa mas malawak at mas mataas na antas ng kakayahan ng mga guro.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga kinalabasan na ang paggamit ng estratehikong kagamitang pang-interbensyon ay mabisang kasangkapan sa pagpapalakas ng pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Mahalaga ang papel ng mga guro sa pagpili, pagdisenyo, at paglalapat ng mga angkop na interbensyon, sapagkat ang mga ito ay nakauugnay hindi lamang sa kanilang kasanayan at kaalaman kundi maging sa kanilang saloobin at pananaw sa pagtuturo. Pinagtitibay ng pag-aaral na ito na ang paggamit ng mga makabagong estratehiya at kagamitang pang-interbensyon ay hindi lamang nakatutulong sa pagtamo ng masteri sa mga kompitensi, kundi nagbibigay din ng higit na saysay at kabuluhan sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

TALASANGGUNIAN

Aguba, A., et al. (2022). Suggested strategic intervention material for reading skills development of grade six learners.

Amante, M., et al. (2021). Kategorya at gamit ng mga saliksik sa antas gradwado sa piling unibersidad sa rehiyong Bikol: Gabay sa pagbuo ng panukalang gawaing pang-ekstensiyon sa Filipino. Malay, 33(2). https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-33/2/2-amante.pdf

Aspillaga, J. (2021). Paghahanda at balidasyon ng strategic intervention material (SIM) para sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pagbasa [Development and validation of strategic intervention material (SIM) to develop critical reading skills]. https://aseanresearch.org/downloads/astr/publication/5/2%20ASPILLAGA.pdf

Benito, L. (2023). Kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekundarya. https://www.globalscientificjournal.com/researchpaper/Kahandaan_ng_Guro_sa_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_sa_Antas_Sekondarya.pdf

Bugtong, E. B. (2021). Mga epektibong kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikang Filipino.

Daza, J. (2021). Kaantasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignatura ng Filipino tugon sa makabagong estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikan sa panahon ng pandemya.

Dela Cruz, M. T. (2021). Pagsusuri sa kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. Philippine Journal of Language Education, 8(2), 45–60.

Department of Education. (2020, May 6). Official statement. https://www.deped.gov.ph/2020/05/06/official-statement-2

Dragon, M. (2023). Pagtataya sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino. https://www.studocu.com/ph/document/batangas-state-university/kontekstwalisadongkomunikasyon-sa-filipino/zg22701269281pananaliksik/57443401

Lagata, M., et al. (2024). Kasanayan sa pagsulat na Filipino ng mga guro sa junior high school sa pampublikong paaralan sa Lungsod Sorsogon. Cognizance Journal. https://cognizancejournal.com/vol4issue7/V4I718.pdf

Liwanag, R. P., & Espejo, N. C. (2022). Enhancing research literacy through reading and analysis of various texts.

Llego, M. A. (2022). Most essential learning competencies (MELCs) guidelines. TeacherPH. https://www.teacherph.com/melcs-guidelines/#:~:text=Essential%20learning%20competencies%20are%20defined

Lopez, R. M., & Garcia, E. T. (2022). Collaborative learning and peer interaction: Enhancing student engagement and achievement.

Marbella, R., et al. (2019). Kabisaan ng strategic intervention material (SIM) sa pagsulat sa Filipino 7. Asia Pacific Multidisciplinary Research Journal, 7(1), 205–212.* https://www.scribd.com/document/671423903/Fil-205-212-Sulatin

Mendoza, J., et al. (2023). Revisiting teacher qualifications: A study on educational attainment and teaching effectiveness in senior high school. Philippine Journal of Education and Pedagogy, 11(1), 34–50.

Señido, R. (2019). Pag-unlad ng nabuong “strategic intervention material” sa pagtaas ng antas ng kakayahan sa pagtuturo ng araling panlipunan 7.

Sullera, P., et al. (2020). Lawak ng pagpapahalaga ng mga estudyante sa asignaturang Filipino kaugnay ng kanilang akademik performans. https://www.researchgate.net/publication/347951399_Lawak_ng_Pagpapahalaga_ng_mga_Estudyante_sa_Asignaturang_Filipino_Kaugnay_ng_Kanilang_Akademik_Performans

Valeroso, G. L., et al. (2021). Istilo sa pagtuturo ng mga gurong hindi Filipino medyor. International Multidisciplinary Journal of Science and Technology. https://www.imjst.org/wp-content/uploads/2021/10/IMJSTP29120598.pdf

Villanueva, E. M. (2021). Pedagogical adaptability among senior high school teachers teaching outside their major field. Journal of Education and Instructional Research, 10(2), 55–68.

Villanueva, V. M., et al. (2023). Pagbuo ng lunsarang aralin at gawain sa ugnayang wika’t lipunan bilang interbensiyon sa bagong kadawyan sa antas primarya. The Normal Lights, 17(1). https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/1914/562

Zalun, J. G. (2023). The teachers’ utilization of the most essential learning competencies (MELCs) and its relation to the learning development of grade six pupils in a public school in the Philippines: Basis for a proposed program. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(6), 1888–1903. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.06.15